Philippine
Overseas
Employment
Administration

Republic of the Philippines
Department of Labor and Employment
BFO Building, Ortigas Avenue cor. EDSA, Mandaluyong City 1501

Website: www.poea.gov.ph E-mail: info@poea.gov.ph
Hotlines: 722-1144, 722-1155

CERTIFICATION INTERNATIONAL ISO 9001:2008 CIP/4676/12/08/811
JAB ACCREDITED QMS Certification Body Accreditation No: MSA-001

News Release
July 15, 2016

# Mga kasambahay na gustong magtrabaho sa UAE, pinag-iingat ng POEA

Pinag-iingat ni Administrator Hans Leo J. Cacdac ang mga gustong magtrabaho bilang kasambahay sa Dubai o Abu Dhabi sa United Arab Emirates.

Ayon kay Admin Cacdac, naglipana ngayon ang mga recruiter na iligal na nangangalap ng mga domestic worker upang dalhin sa UAE sa kabila ng kakaunti na ang inaaprubahang kontrata ng Philippine Overseas Labor Office (POLO) sa Abu Dhabi at Dubai.

Matatandaang nagkaroon ng "unified contract" ang UAE para sa mga kasambahay na hindi naman sumasang-ayon sa standard contract ng Pilipinas. Naging resulta nito ang hindi pag-aproba ng ating POLO sa mga kontratang hindi katanggap-tangap o disbentahe sa ating mga kababayan.

"Noong isang gabi lang, may dalawang kababaihan ang hindi pinasakay ng eroplano sa Clark International Airport dahil wala silang legal na dokumento na magpapatunay na sila ay dumaan sa tamang proseso ng pag-alis upang makapagtrabaho sa ibang bansa," ayon kay Cacdac.

"Dalawang babae rin ang tinulungan ng ating gobyerno na ma-repatriate mula sa Abu Dhabi dahil inabuso sila ng kanilang amo. Biktima sila ng illegal recruiter na sila ay idinaan sa Tawi-Tawi, Sandakan sa Sabah at Kuala Lumpur, Malaysia upang makarating sa  Abu Dhabi", dagdag pa ng administrator.

Minamatyagang mabuti ng mga ahensiyang miyembro ng Inter-Agency Council Against Trafficking (IACAT) katulad ng POEA, DOJ, Bureau of Immigration, NBI, at mga international airport authorities ang ganitong modus ng mga illegal recruiter. Hindi papayagang sumakay ng eroplano ang sinumang aalis upang magtrabaho sa ibang bansa na walang kaukulang dokumento.

Sa kabila nito, patuloy naman ang pakikipag-usap ng ating pamahalaan sa mga namumuno sa UAE upang maiayos at maitama ang proseso ng pag-deploy ng mga kasambahay sa Abu Dhabi at Dubai.

Hinihiling ni Administrator Cacdac sa mga aplikante na i-report agad sa POEA ang anumang illegal recruitment o human trafficking activity na kanilang naranasan o nasaksihan.

/END